# ترك عمل الخير خوفًا من الرياء باللغة الفليبينية

# ANG PAG-IWAN NG PAGSAMBA DAHIL SA TAKOT SA PAGPAPAKITANG TAO


Umilalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah



MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Ang Satanas ay walang ibang nais kundi mahulog ang Muslim sa isa sa dalawang bagay:

**Una**: Manatili ang isang muslim sa isang pagsamba at ito ay ginagawa niya ng may kasamang pagpapakitang tao at hindi ito nagagawa sa landas lamang ng Allah.

**Pangalawa**: Ang iwanan ng isang Muslim ang lahat ng pagsamba, kung saan mawawala ang gantimapala ng taong ito at bubulungan ni satanas naiwanan na lamang ang isang pagsamba o pagsunod upang di mahulog sa pagpapakitang tao.

Ito ang simula ng pinakadelikado na bulong ni Satanas sa puso ng isang tao, kailangan ng isang muslim na maging handa at nababatid ang mga ganitong turo.

Ang tunay at makatotohanan na isang muslim ay hindi nakikinig sa mga inilalagay ng satanas sa kanyang puso, dahil ang totoong puso ay walang pinagkakaiba sa kanyang pagsamba ito man ay lantaran o tago.

Walang duda na ang pagpapakitang tao o (Riya) sa wikang arabik ay pagtatambal na ito'y dapat layuan ng isang muslim, ngunit hindi rin dapat iwanan ng isang muslim ang mga ipinag-uutos sa kanya ng Allah ﷻ, tulad ng pagpaparating ng Islam sa mga tao, pagtuturo

ng kabutihan at pagpipigil ng kasamaan, ito ay hindi niya dapat iwanan sa takot niya sa pagpapakitang tao.

Dahil ito ay linlang ni satanas, ang ating sarili at mga kapatid nating muslim ay dapat mabigyan ng paalala, at tandaan na ang Allah ang lubos na nakakaalam ng ating mga tunay na batid.

Ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Huhusgahan ang lahat ng gawain sa kung anuman ang kanyang intensyon, at kung ano man ang layunin ng isang tao ito ay kanyang makukuha, kaya't sinuman ang maglakbay para sa landas ng Allah ﷻ at ng Propeta Muhammad ﷺ ay tunay na ang kanyang paglalakbay ay para sa Allah at ng Propeta Muhammad ﷺ, at kung sinuman ang maglakbay para sa mundo o para sa babae na kanyang papakasalan, ang kanyang paglalakbay ay para sa kung ano ang kanyang minimithi".

At ang Allah ang lubos na nakakaalam...